6

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO


**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Pearl Joy R. Eugenio |
| **Tagasuri ng Nilalaman/Wika:** | Evelyn R. Ramos – PSDS SDO Pasay City |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Loreta B. Torrecampo, CESO V, SDS SDO - Pasay City<br>Dr. Arturo A. Tolentino, OIC ASDS- Pasay City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR<br>Librado F. Torres, CID Chief SDO-Pasay City<br>Dr. Gloria G. Tamayo, EPS Filipino - NCR<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS – NCR<br>Evelyn R. Ramos – PSDS SDO Pasay City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Dr. Normina B. Hadji Yunnos, LR EPS SDO Pasay City<br>Marvin D.J. Villafuerte, PDO II LRMS, SDO Pasay City |



**(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

**Inaasahan:**

Pagkatapos ng araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

A. Nasusuri ang pagkakaiba ng kathang isip at di-kathang isip na teksto (fiction at non-fiction). (ARALIN: 4) (CODE: F6PB-IVc-e-22)
B. Nakasasagot ng mga Gawain at Pagsusulit upang mataya ang kanilang kaalaman sa aralin.
C. Naipagpapatuloy ang kawilihan sa pagbabasa ng mga kuwento na likha ng isip o kuwentong makatotohanan.

**PANUTO:**

## Unang Pagsubok

**PANUTO: Banggitin ang pamagat ng programa na napapanood sa telebisyon. Sabihin ang TAMA kung ang pamagat ng palabas sa telebisyon ay totoo sa tunay na buhay, MALI naman kung hindi.**

1. Magpakailanman
2. Ang Probinsiyano
3. TV Patrol
4. Wish ko lang
5. Magandang Buhay
6. Spongebob
7. MMK
8. I Witness
9. 24 Oras
10. Eat Bulaga

## Balik-Tanaw

Magbalik-tanaw muna tayo sa ating nakaraang aralin.

**Panuto: Basahin ang usapin o isyu at magbigay ng sariling reaksiyon.**

Matagal nang naghihintay ng dyip o bus na masasakyan sa pag-uwi si Princess. Hindi sila makasakay. Punuan ang mga sasakyan. Dahil kokonti lang ang pinayagan ng gobyerno na magbyahe.

Ano ang maaaring mabuong reaksyon?

a. ____________________
b. ____________________
c. ____________________

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

**Simulan natin ang aralin, sa pagbasa ng maikling kuwentong ito**.

Noong unang panahon,may isang haring napabantog dahil sa taglay na kabaitan.Lahat ng taong nasa kagipitan ay kanyang tinutulungan.Ipinasya ng mga diyoses na subukin ang kabaitan ng hari.

Isang araw, isang kalapati ang dumapo sa may paanan ng hari. Humihingi ng tulong ang kalapati dahil hinahabol ng isang agila. Nangako ang hari na ipagtatanggol ang kalapati. Humingi ng katarungan ang agila sa hari, dahil ang kalapati ay kanyang pagkain. Ipinag-utos ng hari na ipagluluto ito at magpasasa sa pagkain.

Hindi pumayag ang agila dahil sariwang dugo na mainit-init ang gusto niya. Papayag lamang ito kung ibibigay ng hari ang sariling laman at kasimbigat ito ng kalapati. Hiniwa ng hari ang sariling laman bilang pantubos sa kalapati. Napakalaki na ng lamang nahiwa sa hari ngunit hindi pa rin matumbasan ang bigat ng kalapati. Mahinang-mahina na ang hari sa dami ng dugong tumapon sa katawan. Ang ginawa ng hari ay isinakay na ang buong katawan sa timbangan. Ang kalapati at agila ay biglang naging sina Indra at Yama, ang mga diyoses. Nakapasa ang hari sa pagsubok. Nabuong muli ang katawan ng hari. Dagling naglaho ang dalawang diyoses.

*Hango sa: Sanayang Aklat sa Filipino 6*
*Avelina Abenojar-Pranada at Beatriz Pangilinan-Mojica (mga May-akda)*
*Ester Montales-Montalbo (Editor-Konsultant)*

Pansinin ang pangungusap na ito na hango sa kuwento.Alamin kung alin ang tekstong piksyon at di-piksyon.

| |
|---|
| Ang Kalapati at Agila ay biglang naging sina Indra at Yama, ang mga diyoses. |

Anong uri ng teksto ito?

Ito ay tinatawag na tekstong Piksyon.

- Isang anyo ng panitikan na kathang isip lang.Ginagamitan ng manunulat ng kanilang imahinasyon para sa pagsulat ng bungang- isip lamang.umiimbento ng mga kathang isip na tauhan,pangyayari,sakuna at pook na pinangyarihan ng kuwento.

Hal. Kuwentong bayan,pabula,alamat, mitolohiya

| |
|---|
| Lahat ng taong nasa kagipitan ay kanyang tinutulungan. |

Ano namang uri ng teksto ito?

Ito ay tinatawag na tekstong di-Piksyon.

- Bumabatay ang manunulat sa mga tunay na balita at kaganapan,ayon sa kanyang kaalaman hinggil sa paksa. Ito ay nangyayari sa totoong buhay.
-

Hal. Balita, pahayagan, talaarawan, Dokumentaryo, Dyornal

# Gawain

**PANUTO: Uriin ang seleksyong pinagmulan ng sumusunod na mga talata. Isulat ang P kung piksyon at DP kung di-piksyon sa patlang sa unahan ng bawat bilang.**

______1. Napalilibutan ng malalawak na katubigan ang buong kapuluan ng Pilipinas. Ito ang Karagatang Pasipiko sa gawing Silangan, Timog Dagat China sa Hilaga at kanluran, at Dagat Celebes at Dagat Sulu sa dakong Timog.

______2. Masayang-masayang ang lahat nang biglang lumitaw ang isang malaking manok na tandang. Nagulat ang lahat. Hangang - hanga sila sa magarang tindig ng manok. Lalo pa silang nagulat nang sa isang iglap ang manok ay nagbago ng anyo. Naging isang makisig na prinsipe. Sinabi niyang kukunin na niya ang dalagang kaniyang pinakamamahal. Nilapitan niya si Sari at inakay. Naging anyong tandang muli ang prinsipe at pataas na inilipad papalayo si Sari. Sa laki ng pagkagulat, wala isa man ang nakakilos o nakapagsalita sa harap sa bilis ng mga pangyayari.

_______3. Isang napakagandang dalaga si Maria. Siya ay isang engkantada na nakatira sa bundok ng Makiling. Siya ang nag-aalaga sa kabundukan at sa mayamang kagubatan. Mabait si Maria sa mga hayop,ibon, at isda. Maamo ang mga ito sa kanya. Mabait rin siya sa mga taong nakatira sa paligid ng bundok. Madalas ay bumababa siya sa kanila upang bigyan sila ng pira-pirasong luya. Nagiging ginto ang piraso ng luya na ibinibigay niya sa mga taganayon.Kaya mahal nila ang engkantadang Diwata.

______4. Ang Metro Manila ay pinananahanan ng mga pangkat ng Pilipinong nag-mumula sa iba't ibang dako ng bansa. Ayon sa tala ng MMDA, 12% ng kabuuang populasyon ng Pilipinas ay narito. Tagalog o Filipino ang wikang karaniwang ginagamit dito. Ito ang sentro ng lahat ng mga gawain sa bansa: Pangangalakal, industriya, edukasyon at pamahalaan.

______5. Dumating ang pitong duwende sa kanilang bahay. Nakita nila ang napaka-gandang dalaga.Siya ay tulog na tulog. Hindi ginising ng mga duwende ang kanilang mahiwagang panauhin.Nang magising si Snow White, Nakita niya ang pitong duwende.

Hango sa: BAGWIS 6
Paz M. Belvez
Ma.Charito A. Cruz
Ma.Corazon D. Aguillon
Estelita S. Lustre

## Tandaan

Sadyang kawili-wili ang magbasa ng mga aklat at babasahing piksyon. may mga elemento ito ng pantasya,ng hiwaga at milagro. Ito'y mga kuwento tungkol sa mga engkantada, sa mga duwende at nuno sa punso.

Subalit kapana-panabik din ang magbasa at malaman ang katotohanan. Ito'y mababasa naman sa mga aklat at babasahing di-piksyon.

May iba't ibang uri ng babasahin ang makikita sa aklatan. Ang **Piksyon** ay isang anyo ng panitikan na kung ibinatay man sa tunay na pangyayari ay walang katotohanan. Ang **Di-Piksyon** ay mga babasahing may kaugnayan sa totoong buhay.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

May natutuhan ka ba sa ating aralin? Ano ang natutuhan mo?
Sagutin ang sumusunod na katanungan?

1. Ano ang tekstong Piksyon?
________________________________________
________________________________________

2. Ano ang tekstong Di - Piksyon?
________________________________________
________________________________________

(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

# Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto: Tukuyin ang uri ng sumusunod na seleksiyon. Isulat ang P kung piksyon at DP kung di-piksyon.**

_____1. Bakit Maalat ang Dagat
_____2. Si Jesus at ang Bagyo
_____3. Ang Magsasampaguita
_____4. Ang Duwende sa Kampanaryo
_____5. Ang Batang si Moses
_____6. Ang Mangingisda at ang Sirena
_____7. Ang Kasaysayan ng Kompyuter
_____8. Ang Prinsipe at ang Mahiwagang Ibon
_____9. Biag ni Lam-ang
_____10. Bagong Taon ng Isang Paslit

## Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok**

| | |
|---|---|
| 1. Tama | 6. Mali |
| 2. Mali | 7. Tama |
| 3. Tama | 8. Mali |
| 4. Tama | 9. Tama |
| 5. Tama | 10. Mali |

**Gawain**

1. DP
2. P
3. P
4. DP
5. P

**Pangwakas na Pagsusulit**

| | |
|---|---|
| 1. P | 6. P |
| 2. DP | 7. DP |
| 3. DP | 8. P |
| 4. P | 9. P |
| 5. DP | 10. DP |

## Sanggunian

Sanayang Aklat sa Wika at Pagbasa 6 BAGWIS

Sanayang Aklat sa Filipino 6